REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-06

**KAUTUSAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG WALUNGDAANG LIBONG PISO (P800,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG DAAN (ROAD CONCRETING) SA DULONG BAHAGI NG QUEZON STREET (PULONG ENG-ENG PORTION), POBLACION, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*******************************************************************************

Ipinanukala nina : **KGG. ROMAN E. NIEFES**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**

Kasamang nagpanukala : **KGG. MELCHOR R. TEVES**
**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. REY E. BULAY**
**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksiyon 16 ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang kapangyarihan ng bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal na kailangan, angkop o nauugnay para sa mahusay at epektibong pamamahala at sa lubhang kailangan sa pagtataguyod ng kagalingang pangmadla;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng pangunahing paglilingkod at pasilidad ay pananagutan ng bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal (Art. 25, Mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991);

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing pasilidad na dapat ipagkaloob upang tugunan ang pangangailangan ng mga naninirahan sa Lungsod ay ang pagpapagawa o pagsasaayos ng kalsada;

**SAPAGKAT,** ang kalsada na ginagamit sa dulong bahagi ng Quezon Street o lugar na tinatawag na Pulong Eng-Eng na matatagpuan sa Barangay Poblacion ay halos hindi na madaanan dahil sa nagpuputik;

**SAPAGKAT,** upang matugunan ang kondisyon ng kapaligiran at maisanggalang ang kalusugan ng mga naninirahan sa nasabing lugar, kinakailangan ang madaliang pagsasaayos o pagpapagawa ng natitirang bahagi ng kalsada;

**SAPAGKAT,** ang pagpapakonkreto ng nasabing kalsada ay gugugol ng halagang Walungdaang Libong Piso (P800,000.00);

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay may nakalaang pondo sa 1997 Executive Budget, Capital Outlay - Infrastructure, Roads, Streets, Bridges;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na maglaan (appropriate) ng halagang Walungdaang Libong Piso (P800,000.00) para sa pagpapagawa ng kalsada (Road Concreting) sa dulong bahagi o natitirang bahagi ng Quezon Street (Pulong Eng-Eng Portion) na matatagpuan sa Barangay Poblacion, Lungsod ng Muntinlupa, na kukunin sa Capital Outlay na nakalaan sa Infrastructure Project - Roads, Streets and Bridges.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **28 Abril 1997** sa ginanap na **ika-80 Regular na Sesyon**.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: ____________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196